

DV

タガログ語

Lisanin ang kalupitan ng iyong asawa:

Ano ang tatahaking buhay tapos makipaghiwalay?

∞ DV- biktima at “Status of Residence” ∞

Isa sa proyekto ng Fujimino International Cultural Exchange Center (FICEC) ay pagbibigay payo sa banyagang residente. Sa ibat-ibang bagay aming napag alaman na ang “domestic violence” ang napakaseryosong isyu. Ang “violence” ay maaring magsimula sa hindi pagkakaintindihan at pagkakaiba ng nasyonalidad. Ngunit, bago makipaghiwalay mula sa DV-abusado, isang suhestiyon na pag-isipang mabuti ang termino ng visa at ang anak o mga anak.



Case A

Asawa ng Hapon at Permanente -Residence Visa ● ● ●

Maliban kung may kaso, Permanenteng Residence Visa ay iyo at hindi kailangan ipa alam pa sa Immigration ang patungkol sa paghihiwalay.

Case B

May asawang Hapon at status of residence (Spouse of Japanese) ● ● ●

① Kung merong anak o (mga anak)

Kung naninirahang kasama at nangangalaga ng anak (mga anak) Permanent Residence Visa ay maaring makamantan. Hiwalay o naninirahan sakop ng ampunan, may karapatang manirahan sa Japan hanggat kasama ang anak (o mga anak). Ngunit, kung iiwanan ang anak o mga anak sa iyong magulang sa bansang pinagmulan at ikaw ay mananatili sa Japan upang magtrabaho ay hindi katanggap tanggap na rason upang mapalitan ang visa.

② Kung walang anak (o mga anak)

Kung nanirahan kasama ang asawang hapon mahigit sa 3 taon bago mag diborsyo, ang kasalukuyang visa ay maaaring mapalitan ng Permanent Residence Visa. Sa ganitong kaso, ay kailangan ng “certificate of employment” at “guarantor” ay kailangan.

③ Kung nanirahang hiwalay sa asawa

Maaring I “extend” ang visa bilang “spouse of Japanese”, ngunit kailangan ipaalam sa Immigration ang iyong desisyon para sa pakikipag diborsyo at sa tutuong sitwasyon. Ngunit sa ika-dalawang aplikasyon sa ay mahirap mag “extend” ng visa. I konsidera ang plano para sa “future” bago mag apply.

www.ficec.jp/foreign/

● The back numbers of “Information Fujimino” are available at online.

Case C

Kasal ayon sa batas ngunit walang “status of residence”

DV-biktima ay maaring pwersahang paghihiwalay. Ngunit, sa panahon ng pagdadalantao ang sanggol ay kinilala ng asawang hapon, residence o special permission ay maaring ipagkaloob.

Una, pumunta sa Tokyo Regional Immigration sa Shinagawa kasama ang iyong “guarantor”. Kung ang iyong pangalan ay iba sa passport kailangang mag-applay ng visa gamitin ang tutuong pangalan.


Sa iba pang detalye, maraming banyaga ang di makapagsalita ng Nihongo. Ang kahinaan sa abilidad sa pagsalita ng Nihongo ay isang dahilan na mahirap ang paninirahan. Maaring mahirapan pagkalooban ng visa. Umaabot sa anim na buwan ang pag assess ng immigration sa ganitong sitwasyon.

● Sa lahat ng kaso, isaad ang lahat na dahilan sa Immigration upang pagkalooban ng visa Importanteng ipaliwanag ang DV at kasalukuyang sitwasyon ng detalyado.

Ang kadahilanan ay kailangang isulat mo, o di kaya ipasulat sa iba sa dahilang kakulangan ng kaalaman ukol sa lenguahe.

Maari po lamang na isulat ng mahinahon at simulan sa unang sitwasyon kung paano ang DV nagsimula. Nasa ibaba ang isang halimbawa.

- Magpakasalarrriage o simulang nanirahang magkasama Year/Month/Date
- DV nagsimulang petsa Year/Month/Date
- Kailan umalis sa bahay Year/Month/Date
- Lugar
- Planuhin o Mga nais para sa future
- Dahilan, trabaho, kaibigan, “supporters” kung nais manirahan sa Japan
- Relasyon ng anak (mga anak) at tatay
- Paghingi ng paumanhin kung “overstay” (in case of overstay)



☞ Paalala maliit na karatula para sa tulong

Nakaraang buwan ay “Buwan ng “Child Abuse Prevention”. Maraming magulang ang nagtungo sa center upang manghingi ng advice ukol sa mga bata at “bullying”.

Para sa “child abuse” at konsultasyon para sa “child-rearing”, Maari po lamang na kontakin ang “office for children”, “public office” o ang center. “Civic power” ay kailangan upang proteksyunan ang mga bata.”Please see the following website for more detail: (<http://www.mhlw.go.jp>)

☞ Japanese Language Class sa FICEC

Fujimino International Cultural Exchange Center ay nagkakaloob ng pag-aaral para sa banyagang nais mag-aral ng Nihongo para sa komportableng paninirahan dito sa Japan. Ang klase ay ginaganap ng simula 10:00 hanggang 12:00 tuwing Huwebes.

Huwag mag-alala kung anong level. Nagtuturo simula beginner hanggang advance level, Kahit sinong estudyante aming tutulungan.

Meron din “Computer Class” simula 13:00 tuwing 2nd & 4th Thursdays.

Professional instructor ang magtutro sa inyo at ito ay libre walang bayad.

www.ficec.jp/living/

● Living Guidance translated in 6 languages is available.